WIKIPEDIA
Ang malayang ensiklopedya

# Maligayang pagdating sa Wikipedia!

## Wikipedia,

ang malayang ensiklopedyang maaaring baguhin ninuman.

**Bersiyong mobile (https://tl.m.wikipedia.org/wiki/Unang_Pahina)**

**Magtanong sa pamayanan (https://tl.wikipedia.org/w/index.php?title=Usapang_Wikipedia:Kapihan&action=edit&section=new)**
**Paano magsimula?**
**Tulong sa nilalaman**

**Mga paksa**
**Mabilisang indeks**
***For non-Tagalog speakers***

## NAPILING ARTIKULO



Napetsahan ang pinakamaagang aktibidad ng *hominin* sa kapuluang Pilipinas ng hindi bababa sa 709,000 taon na nakalipas. Nasa pulo ng Luzon ang *Homo luzonensis*, isang espesye ng sinaunang mga tao, noong mga hindi bababa sa 67,000 taon na nakalipas. Nagmula sa Yungib ng Tabon sa Palawan ang pinakamaagang kilalang makabagong anatomikong tao na nabuhay ng mga 47,000 taon nakalipas. Ang mga Negrito ang unang pangkat na unang nanirahan sa Pilipinas bago ang naitalang kasaysayan nito. Noong mga 3000 BC, naglayag ang mga Austronesyo, na siyang mayorya ng kasalukuyang populasyon, mula sa

## PATUNGKOL

Ang Wikipedia ay isang proyektong *online* na ensiklopedya na panlahat, nakasulat sa maraming wika, at pinagtutulungan ang paggawa ng mga artikulo sa prinsipyong wiki. Naglalayon ang proyektong ito na mag-alok ng mga nilalaman na malayang muling magagamit, walang pinapanigan, at napapatunayan, na maaring baguhin at mapabuti ninuman. Nakikilala ang Wikipedia sa pamamagitan ng mga naitatag na prinsipyo. Nakalisensiya ang nilalaman nito sa ilalim ng *Creative Commons BY-SA* (https://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0). Maari itong kopyahin at muling gamitin sa ilalim ng parehong lisensiya, na sumasailalim sa paggalang sa mga kondisyon. Ibinbigay ng Wikipedia ang mga nilalaman nito ng walang bayad, walang patalastas, at hindi nagsasamantala sa paggamit ng personal na datos ng mga gumagamit nito.

Mga boluntaryo ang nag-aambag o patnugot ng mga artikulo sa Wikipedia. Nakikipag-ugnayan sila sa isa't isa tungkol sa kanilang mga

Taiwan patimog hanggang narating ang mga pulo na tinatawag ngayong Pilipinas. Ang pinakamaagang naitalang **kasaysayan ng Pilipinas** ay matatagpuan sa Inskripsiyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna na mayroong petsang 822 Shaka (900 AD sa kalendaryong Gregoryano). Nilalahad sa inskripsyon ang pagpapatawad sa pakakautang ng isang tao na nagngangalang Namwaran, kasama ang kanyang mga anak na si Dayang Angkatan at Bukah. Ang unang tala na pagbisita na mula sa Kanluran ay ang pagdating ni Ferdinand Magellan sa pulo ng Homonhon, sa timog-silangan ng Samar noong Marso 16, 1521. Nagtayo ng mga permanenteng paninirahan sa Cebu kasabay ng ekspedisyon ni Miguel López de Legazpi noong 1565, at marami pang mga paninirahan ang itinatag pa-hilaga hanggang sa maabot ng mga kolonyalista ang Look ng Maynila sa pulo ng Luzon. Nagtatag ng isang lungsod sa Maynila at dito nagsimula ang panahon ng kolonisasyon ng Espanya na nagtagal ng mahigit tatlong siglo. Nagsimula ang rebolusyon laban sa Espanya noong Abril ng 1896, na pagkaraan ng dalawang taon ay humantong sa proklamasyon ng kalayaan at ang pagtatatag ng Unang Republika ng Pilipinas. Ngunit ang Kasunduan sa Paris, na naganap sa katapusan ng Digmaang Espanyol-Amerikano, ay naglipat ng pamamahala sa Pilipinas sa Estados Unidos. Nagsimula ang kolonyal na pamamahala ng Estados Unidos sa Pilipinas noong Disyembre ng 1899, kasama ang limitadong lokal na pamamahala noong 1905. Iginawad ang bahagyang pagsasarili noong 1935, bilang paghahanda sa isang ganap ng kalayaan mula sa Estados Unidos noong 1945. Ngunit ang 10-taong transisyon mula sa Komonwelt patungo sa isang soberanyang bansa ay naantala dahil sa pagsakop ng Hapon sa Pilipinas noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Natalo ang mga Hapones noong 1945 at naganap ang muling-pagbabalik ng mga sundalong Pilipino at Amerikano para sa kampanya ng pagpapalaya

pagsisikap sa loob ng pamayanang nagtutulungan at walang pinuno.

Sa ngayon, mayroon ang Wikipediang Tagalog na:

| | |
|---|---|
| **49,137** artikulo | **280** aktibong tagapag-ambag |

## Paano makapag-ambag?

Maaring maglathala ng *online* na nilalaman ang kahit sino basta't sundin nila ang mga pangunahing alintuntuning itinakda ng Pundasyong Wikimedia at ng pamayanan; halimbawa, pagpapatunay ng nilalaman, notabilidad, at pagkamagalang.

Maraming mga pahinang pantulong ang mababasa mo, partikular sa paglikha ng artikulo, pagbago ng artikulo o pagpasok ng litrato. Huwag mag-atubiling magtanong para sa iyong unang mga hakbang, partikular sa isa sa mga proyektong tematiko o sa iba't ibang espasyo para sa mga usapan

Ginagamit ang mga pahinang usapan upang isentralisado ang mga naiisip at kumento para mapabuti ang isang partikular na artikulo o pahina. Mayroon din sentrong *portal* o puntahan ng pamayanan, ang Kapihan, kung saan puwedeng pag-usapan ang pangkalahatang alalahanin sa pamayanang Wikipediang Tagalog. Pindutin ito upang magtanong o maghayag ng iyong naiisip para mapabuti pa ang Wikipediang Tagalog (https://tl.wikipedia.org/w/index.php?title=Usapang_Wikipedia:Kapihan&action=edit&section=new).

**Babasahin para sa mga baguhan**

sa Pilipinas mula 1944 hanggang 1945. Kaya naibigay lamang ang ganap na kalayaan sa Pilipinas noong Hulyo 1946.

**Mga napiling artikulo · Pamantayan · Magnomina**

## Alam ba ninyo ...



- ...na sa **negosasyong pangkapayapaan** sa pagitan ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas at Pambansang Demokratikong Prente ng Pilipinas, ang unang nakalataga sa talaan ng mga kasunduan ay ang paggalang sa **pandaigdigang makataong batas** ng dalawang panig na nagdirigmaan?
- ...na ang mga villa gaya ng kanila emperador **Adriano** (*nakalarawan*) at **Trajano** ay bukod sa pampahingahan, ay marahil nagsilbi ring paminsang tanggapan?
- ...na ang **mga Kipot ng Turkiya**, na kinabibilangan ng mga anyong-tubig ng **Dardanelos** at **Bosforo**, pati ang **Dagat ng Marmara**, ay bumubuo ng isang **hangganang lupalop** ng Asya at Europa?

**Mga nagdaang napili · Mga pinakabagong artikulo · Magsimula ng bagong artikulo**

## Kaganapan



- Isang **lindol na may lakas na Mw 7.8**, na ang episentro ay nasa karagatan sa tapat ng Maasim, ang yumanig sa Mindanao, Pilipinas. Naramdaman din ito hanggang sa Leyte, sa mga lalawigan ng Hilagang Maluku at Hilagang Sulawesi sa Indonesya, at sa Sabah sa Malaysiya. Hindi bababa sa 35 katao ang nasawi, mahigit 200 ang nasugatan, at 12 ang nawawala (*nakalarawan ang pagguho ng lupa sa Saranggani*).
- Naitala rin ang mga **sunami sa Guam, Palau, at ilang bahagi ng Indonesya, Hapon, at Pilipinas**. Binawi ng *Pacific Tsunami Warning Center* (PTWC, o Sentrong Pambababala ng Sunami sa Pasipiko) ang babalang sunami nito para sa Guam at sa Hilagang Kapuluang Mariana, habang inalis naman ng mga ahensiya sa Australya, Malaysiya, at Nuweba Selandiya ang kani-kanilang mga babala. Kalaunan, kinumpirma ng PTWC na lumipas na ang banta ng sunami ilang oras matapos ilabas ang babala para sa ilang bahagi ng Karagatang Pasipiko.
- Iniutos ni Pangulong Bongbong Marcos ng Pilipinas ang **pagsuspinde ng mga klase** sa mga lugar na naapektuhan ng lindol sa buong Mindanao. Nagkataon itong unang araw ng bagong taong panuruan sa bansa.

**Wikinews · Iba pang mga kamakailang pangyayari...**

## Napiling larawan



Ang **Santa Francesca Romana** (Italyano: *Basilica di Santa Francesca Romana*), na dating kilala bilang **Santa Maria Nova**, ay isang simbahang Katoliko Romano na matatagpuan sa tabi ng Porong Romano sa rione Campitelli sa Roma, Italya.

*May-akda ng larawan: Diego Delso*

**Marami pang napiling larawan**

**Mga dekalidad na larawan sa Wikimedia Commons**

## Sa araw na ito (Hulyo 16)

**Hulyo 16**



- 1216 — Namatay si **Inocencio III**, nakaraang papa.
- 1324 — Namatay si **Emperador Go-Uda**, nakaraang Emperador ng Hapon.
- 1918 — Si **Czar Nicholas II** kasama ng kanyang pamilya ang manggagamot ng pamilya at ang kanilang mga katulong at kasama na rin ang kanilang alagang aso ay pinatay ng mga Bolshevik na ginawa silang bihag sa loob ng 2 buwan sa ilalim ng bahay sa Ekaterinberg, Rusya.
- 1919 — Ipinanganak si **Choi Kyu-hah**, Pangulo ng Timog Korea (namatay 2006).

Mga huling araw: Hulyo 15 — Hulyo 14 — Hulyo 13

**Sinupan** · **Sa e-liham** · **Talaan ng mga makasaysayang anibersaryo**

**Commons**
Repositoryo ng midya

**Wikidata**
Datos ng kaalaman

**Wikikawikaan**
Mga sipi

**Wiksiyonaryo**
Diksiyonaryo

**Wikispecies**
Direktoryo ng mga espesye

**Wikivoyage**
Gabay sa paglalakbay

**Wikisource**
Aklatan

**Wikiversity**
Kurso at aralin

**Wikibooks**
Aklat-aralin at manwal

**Wikifunctions**
Librerya ng mga punsyon

**MediaWiki**
Paggawa ng software na wiki

**Meta-Wiki**
Koordinasyon ng proyektong Wikimedia

## Mga Wikipedia sa iba pang mga wika

Nakasulat ang Wikipedia na ito sa Tagalog, isa sa mga pangunahing wika sa Pilipinas. Mayroon din ibang Wikipedia na nakasulat sa ibang wika na mula sa Pilipinas na nakatala sa sumusunod.

### Mga Wikipedia sa iba pang mga wika sa Pilipinas

Bajau Sama (https://bdr.wikipedia.org/wiki/) · Bikol Central (https://bcl.wikipedia.org/wiki/) · Cebuano (https://ceb.wikipedia.org/wiki/) · Chavacano de Zamboanga (https://cbk-zam.wikipedia.org/wiki/) · Ilokano (https://ilo.wikipedia.org/wiki/) · Kapampangan (https://pam.wikipedia.org/wiki/) · Pangasinan (https://pag.wikipedia.org/wiki/) · Winaray (https://war.wikipedia.org/wiki/)

---

Maraming iba pang Wikipedia; nakatala sa ibaba ang ilan sa mga malalaking Wikipedia.

### 1,000,000+ artikulo

العربية (https://ar.wikipedia.org/wiki/) · Deutsch (https://de.wikipedia.org/wiki/) · Español (https://es.wikipedia.org/wiki/) · Français (https://fr.wikipedia.org/wiki/) · Italiano (https://it.wikipedia.org/wiki/) · Nederlands (https://nl.wikipedia.org/wiki/) · □□□ (https://ja.wikipedia.org/wiki/) · Polski (https://pl.wikipedia.org/wiki/) · Português (https://pt.wikipedia.org/wiki/) · Русский (https://ru.wikipedia.org/wiki/) · Svenska (https://sv.wikipedia.org/wiki/) · Українська (https://uk.wikipedia.org/wiki/) · Tiếng Việt (https://vi.wikipedia.org/wiki/) · □□ (https://zh.wikipedia.org/wiki/)

### 250,000+ artikulo

Bahasa Indonesia (https://id.wikipedia.org/wiki/) · Bahasa Melayu (https://ms.wikipedia.org/wiki/) · □□□ / Bân-lâm-gí (https://zh-min-nan.wikipedia.org/wiki/) · Български (https://bg.wikipedia.org/wiki/) · Català (https://ca.wikipedia.org/wiki/) · Čeština (https://cs.wikipedia.org/wiki/) · Dansk (https://da.wikipedia.org/wiki/) · Esperanto (https://eo.wikipedia.org/wiki/) · Euskara (https://eu.wikipedia.org/wiki/) · فارسی (https://fa.wikipedia.org/wiki/) · עברית (https://he.wikipedia.org/wiki/) · □□□ (https://ko.wikipedia.org/wiki/) · Magyar (https://hu.wikipedia.org/wiki/) · Norsk Bokmål (https://no.wikipedia.org/wiki/) ·

Română (https://ro.wikipedia.org/wiki/) · Srpski (https://sr.wikipedia.org/wiki/) · Srpskohrvatski (https://sh.wikipedia.org/wiki/) · Suomi (https://fi.wikipedia.org/wiki/) · Türkçe (https://tr.wikipedia.org/wiki/)

50,000+ artikulo

Asturianu (https://ast.wikipedia.org/wiki/) · Bosanski (https://bs.wikipedia.org/wiki/) · Eesti (https://et.wikipedia.org/wiki/) · Ελληνικά (https://el.wikipedia.org/wiki/) · Simple English (https://simple.wikipedia.org/wiki/) · Galego (https://gl.wikipedia.org/wiki/) · Hrvatski (https://hr.wikipedia.org/wiki/) · Latviešu (https://lv.wikipedia.org/wiki/) · Lietuvių (https://lt.wikipedia.org/wiki/) · മലയാളം (https://ml.wikipedia.org/wiki/) · Македонски (https://mk.wikipedia.org/wiki/) · Norsk nynorsk (https://nn.wikipedia.org/wiki/) · Slovenčina (https://sk.wikipedia.org/wiki/) · Slovenščina (https://sl.wikipedia.org/wiki/) · ไทย (https://th.wikipedia.org/wiki/)

---

Nagmula sa "https://tl.wikipedia.org/w/index.php?title=Unang_Pahina&oldid=2213844"